

1. Mahalagang Panuntunan ng Pambansang Sistema ng Pensyon (Japanese National Pension System) at Sistema ng Ibang Pampublikong Pensyon

- (1) Lahat ng taong nakarehistrong naninirahan sa Bansang Hapon na may edad 20 hanggang 59, anuman ang kanyang nasyonalidad, ay kailangang maging bahagi ng Pambansang Sistema ng Pensyon (Japanese National Pension System) ayon sa batas at kailangang magbayad ng kontribusyon.
- (2) Ang sistema ng Pampublikong Pensyon (pati ang National Pension System) ay sinadya upang matugunan ang suportang pananalapi sa bawat isa at ng buong lipunan sa pamamagitan ng intergenerational support mechanism.
- (3) Kasama sa Sistema ng Pampublikong Pensyon ay pensyon sa mga matatanda sa kanilang katandaan (old-age pension) pati pension para sa mga taong may kapansanan (disability pension) at pensyon para sa mga naulila (survivor's pension) kapag nagkaroon ng hindi inaasahang pinansiyal na kahirapan.
- (4) Ang Gobyerno ng bansang Hapon ay nagbibigay ng saklolong pananalapi (subsidy) upang tustusan ang benepisiyo ng pensyon.
- (5) Ang inyong kontribusyon para sa Sistema ng Pampublikong Pensyon ay kabilang sa binabawasan ng buwis bilang kontribusyon sa panlipunang seguro (social insurance).

2. Ang Sakop ng Pambansang Pensyon at Ang Pamamaraan ng Pagpapatala

May tatlong kategorya para sa mga miyembro ng seguro sa ilalim ng Sistema ng Pambansang Pensyon. Maaari ninyong hanapin ang inyong kategorya at ang pamamaraan ng pagpapatala sa ibaba:

- (1) Unang Kategorya ng miyembro ng seguro
 Kung kayo ay rehistradong naninirahan sa bansang Hapon, edad 20 hanggang 59, at hindi kabilang sa Ikalawang Kategorya o Ikatlong Kategorya ng miyembro ng seguro (tingnan ang pangalawa o pangatlo sa ibaba), kayo ay nasa Unang Kategorya ng miyembro ng seguro.
 → Kung kayo ay hindi residente ng Hapon at kabilang sa Unang Kategorya, marapat na siguraduhing naiparehistro ang inyong tirahan o paninirahan muna sa tanggapan ng inyong lokal na munisipyo at patunayan ang inyong rehistro ng paninirahan sa bansang Hapon sa pagpapatala nito. Pagkatapos, kailangan mong magpatala sa Sistema ng Pambansang Pensyon sa nasabing lokal na munisipyo.
 → Magbayad ng kontribusyon batay sa mensahe at mga paunawa mula sa Serbisyo ng Pensyon ng Hapon (Japan Pension Service - JPS) (tingnan ang "4. Buwanang Kontribusyon" sa ibaba).
 Tandaan: Hindi kasama ang mga dayuhan na may mga visa para sa pamamalagi sa medisina o visa para sa matagal na pananatili para sa paglalakbay.
- (2) Ikalawang Kategorya ng miyembro ng seguro
 Kung kayo ay kasalukuyang namamasukan sa isang kompanya o pabrika at bahagi ng pension insurance system para sa mga manggagawa, kayo po ay kabilang sa Ikalawang Kategorya ng miyembro ng seguro.
 → Ang inyong tanggapan o pinagtatrabahuan ang may tungkuling kumpletuhin ang inyong pagpapatala sa sistema ng pensyon bilang inyong kandili.
 → Ang inyong kontribusyon ay binabawas mula sa inyong sahod at ang inyong opisina ang magbabayad para sa inyo.
- (3) Ikatlong Kategorya ng miyembro ng Seguro
 Kung kayo ay dependent na asawa ng isang taong nakaseguro sa Kategorya 2, may edad sa pagitan ng 20 at 59 at nakatira sa Japan, kayo ay isang taong nakaseguro sa Kategorya 3.
 Kung kayo ay pansamantalang mananatili sa labas ng Japan, maaari kayong maging isang taong nakaseguro sa Kategorya 3 bilang eksepsyon.
 → Kailangang iulat ng inyong asawa (nakaseguro sa Kategorya 2) sa JPS Branch Office sa pamamagitan ng kanyang kumpanya na kayo ay isang kuwalipikadong dependent na asawa. Para sa karagdagang detalye, maaaring magtanong sa kumpanya ng inyong asawa.
 → Hindi niyo na kailangang magbayad ng kontribusyon; kayo ay sakop ng pinansyal na benepisiyo mula sa kontribusyong binabayaran ng lahat ng mga taong nakaseguro sa Kategorya 2.

3. Basic Pension Number at Notisya ng Basic Pension Number

Pagkatapos isagawa ang proseso ng aplikasyon, makakatanggap kayo ng notisya ng Basic Pension Number kung saan nakalagay ang inyong Basic Pension Number, pangalan, at araw ng kapanganakan.

Ang Basic Pension Number ay numerong ginagamit para sa pamamahala ng rekord ng pension coverage ng bawat indibidwal. May itinalagang iisang Basic Pension Number para sa bawat tao, at sa prinsipyo, hindi ito magbabago. Mangyaring itago sa ligtas na lugar ang inyong Basic Pension Number. Kung nawala ang inyong Basic Pension Number, maaaring hilingin sa isang JPS Branch Office na mag-isyu nito muli.

4. Buwanang Kontribusyon

Ang halaga ng kontribusyon para sa Pambansang Pensyon ay ¥ 16,980 kada buwan mula Abril 2024 hanggang Marso 2025. Kailangang bayaran ang buwanang kontribusyon hanggang sa katapusan ng susunod na buwan.

Maaari rin kayong magbayad ng inyong kontribusyon ng cash at sa bangko o maging sa mga institusyong pinansyal, maaari mo rin itong bayaran gamit ang automatic bank transmission o Internet Payments, o gamit ang credit card.

O, maaari kayong magbayad na may diskwento kung kayo ay magbabayad nang maaga para sa mga darating na buwanang kontribusyon. Maaari din kayong magkaroon pa ng karagdagang diskwento kung kayo ay magbabayad ng maaga gamit ang inyong automatic bank transfer sa halip na gamitin ang cash payments.

5. Paglilibre sa Pagbabayad ng Kontribusyon (Contribution Payment Exemption System)

Kapag ang inyong kita ay masyadong mababa para magbayad ng kontribusyon o may iba pang kadahilanan, maaari kayong dumulog o humingi ng iksemsyon o pagkalibre mula sa pagbabayad ng kontribusyon mula sa inyong lokal na pamahalaan o munisipyo.

Ang sangay ng Sistema ng Pensyon ng Hapon (JPS Branch) ay magsusuri ng inyong nakaraang kita at iba pang mga sitwasyon. Kapag sinang-ayunan ang inyong isinumite, maaaring bigyan kayo ng buong iksemsyon o parte ng kontribusyon.

Pakisuyong tingnan ang talaan para sa mga uri ng pagkalibre o exemption type, halaga ng kontribusyon na babayaran, at halaga ng Basic Pension sa Pagtanda sa hinaharap, kumpara sa halaga na walang exemption periods.

[Paalala]

Uri ng Iksemsyon (Pagkalibre)	Halaga ng Kontribusyon	Paghahalintulad ng Halaga
Buong iksemsyon	¥0	4/8
1/4 babayaran (3/4 iksemsyon)	¥4,250	5/8
1/2 babayaran (1/2 iksemsyon)	¥8,490	6/8
3/4 babayaran (1/4 iksemsyon)	¥12,740	7/8
Sistema ng Pagpapaliban ng Kontribusyon para sa mga taong mababa ang kita	¥0	0
Natatanging Sistema ng Pagbabayad ng mga Estudyante	¥0	0

- (1) Pakitandaan na kapag hindi kayo nakapagbayad ng parte ng kontribusyon para sa 1/4, 1/2 o 3/4 kontribusyon, ang sistema ng kabahaging iksemsyon ay wala ng kabuluhan, ito ay katumbas sa hindi pagbayad. Nangangahulugan din na ang naturang panahon ng hindi pagbayad ay hindi maisasama sa pagkwenta para sa inyong Pensyon ng Katandaan pagdating ng panahon. Bukod pa rito, hindi ninyo matutupad ang mga kondisyon sa pagtanggap ng benepisiyo para sa Disability Basic Pension o Survivor's Basic Pension sa oras na kailanganin ninyo ito.
- (2) Kung kayo ay nag-aaral, kayo ay maaaring dumulog para Sistema ng Natatanging Pagbabayad ng mga Estudyante. Pakitandaan, datapwat, ang sistemang ito ay hindi sakop ang estudyante sa mga Sangay ng Paaralang Hapon na nakabase sa banyagang sistema o nakabatay sa maikling termino.

6. Pagbawi Mula sa Dating Kontribusyong May Iksemsyon

Kung kayo ay may buo o bahaging iksemsyon sa nakaraang panahon, maaari ninyong bawiin ang panahong ito sa pamamagitan ng paggawa retroactive payment hanggang 10 taon sa halaga ng kontribusyon na may iksemsyon. Sa paggawa ng retroactive payment para sa exemption period sa nakaraan, ang kalkulasyon para sa Old-age Basic Pension para sa hinaharap ay ibabase sa kabuuang halaga ng binayarang kontribusyon. Pakitandaan lamang na may ipapataw na specific index para sa ginawang retroactive payment sa kontribusyon, na dapat ay nabayaran sa nakaraang tatlong fiscal years.

7. Halaga ng benipisyo para sa Pambansang Pensyon

- (1) Pensyon sa May Edad o Matatanda Kung kayo ay nakapagbayad na sa Pambansang Pensyon sa loob ng 10 taon at natugunan ang lahat ng kabagayan, ang sumusunod na halaga ay babayaran kapag kayo ay nasa edad 65 taon gulang.
 - ★ Halaga ng Benipisyo = ¥816,000 (taunang halaga sa taong 2024 para sa mga nakapagbayad ng kontribusyon sa loob ng 40 taon)
- (2) Pensyong Batayan ng Pagkaroon ng Kapansanan (Disability Basic Pension)

Ang mga sumusunod na halaga ng Pensyong Batayan ng Pagkaroon ng Kapansanan o Disability Basic Pension ay binabayaran sa inyo kapag kayo ay nagkasakit o nagkaroon problemang pangkalusugan habang kayo ay sakop ng Sistema ng Pambansang Pensyon, at kung ang pagkakasakit o problemang pangkalusugan na maaaring maging dahilan sa naturang kawalan ng kaya ayon sa nakasaad sa Unang Baitang ng Kawalan ng Kaya o Ikalawang Baitang ng Kawalan ng Kaya.

 - ★ Halaga ng Benipisyo = ¥1,020,000 (taunang halaga sa loob ng Taong 2024 para sa Unang Baitang ng Kawalang Kaya)
¥816,000 (taunang halaga sa loob ng Taong 2024 para sa Ikalawang Baitang ng Kawalang Kaya)
- (3) Pensyon ng mga Naulila (Survivors' Basic Pension)

Kapag ang miyembro ng seguro sa Sistema ng Pambansang Pensyon ay namatay, ang mga sumusunod na halaga para sa Pensyon ng Naulila (Survivors) ay ibabayad sa kanyang umaasang asawa na nag-aalaga sa kanyang mga anak at umaasang mga anak.

 - ★ Halaga ng Benipisyo = ¥1,050,800 (taunang halaga sa loob ng Taong 2024 para sa kwalipikadong asawa at isang anak)
 - * Kung kayo ay naging naturalisadong mamamayan ng Hapon o kung kayo ay tinanggap bilang permanenteng maninirahan bago kayo sumapit sa edad na 65, ang inyong panginibang bayang paninirahan sa loob ng panahon mula Abril 1, 1961 hanggang sa araw bago kayo ay naging mamamayang Hapon, sa edad na 20-59, ay kasama sa susuriin na panahon na 10 taon (ang tawag nito ay "complementary period"). Ang "complementary period" ay ang balidong panahon na isasama upang tingnan kung naabot ang 10 taong kailangan para maging sakop ng Pensyon sa Katandaan. Datapat, ang panahong ito ay hindi binibigyan ng konsiderasyon sa pagkalkula sa halaga ng benipisyo.
 - * Upang maging karapat-dapat para sa Pensyon ng May Kapansanan (Disability Basic Pension) o Pensyon ng mga Naulila (Survivors' Basic Pension), kailangang punan ang bahagi ng kontribusyon ayon sa nakasaad na kailangang bayaran. Para sa karagdagang detalye, magtanong sa Sangay ng Pambansang Pensyon (JPS Branch Office) o sa lokal na munisipyo (tingnan ang "10. Ugnayan para sa inyong Pambansang Pensyon" sa ibaba).

8. Lump-sum o Pagbabayad ng Buo para sa Hindi Mamamayang Hapon

Kung kayo ay hindi residente ng bansang Hapon, kayo ay maaaring magsumite ng kahilingan para sa lump-sum payment sa loob ng 2 taon mula sa taong pagpatala ng pag-alis sa Japan (hindi na residente ng Japan). Para makapagsumit, kailangang matugunan ang mga sumusunod na kondisyon:

- Kayo ay nakapagbayad ng kontribusyon sa Pambansang Pensyon ng anim na buwan pataas (di kabilang ang inyong subscription period bilang Ikalawang Kategoriya o Ikatlong Kategoriya ng miyembro ng seguro).
- Hindi ninyo natupad ang kondisyon ukol sa itinakdang panahon para masakop sa Pensyon ng Katandaan.

Ang halaga ng babayaran ay nakasalalay sa bilang ng buwan kung saan nakapagbayad ka ng kontribusyon. Ipinapakita ng talahanayan dito ang halimbawa kapag ang buwan ng iyong huling pagbayad ng kontribusyon ay nasa pagitan ng Abril 2024 at Marso 2025. Mangyaring bisitahin ang aming website upang malaman ang halaga kung ang buwan ng iyong huling kontribusyon ay Marso 2024 o bago ng Marso 2024.

* Kung may panahon na kayo ay exempted sa pagbayad ng kontribusyon, ang kabuuang bilang ng buwan kung saan binayaran ang kontribusyon ay kinukwenta ayon sa sumusunod: Kabuuang bilang ng buwan na binayaran ang kontribusyon + (bilang ng 1/4 buwang bayad na kontribusyon) x 1/4 + (bilang ng kalahating kontribusyon ng buwang bayad) x 1/2 + (bilang ng 3/4 kontribusyon ng buwang bayad) x 3/4

Kabuuang bilang ng buwan ng pagbayad ng kontribusyon *	Halaga ng lump-sum payment
Sa pagitan ng 6 at 11 na buwan	¥50,940
Sa pagitan ng 12 at 17 na buwan	¥101,880
Sa pagitan ng 18 at 23 na buwan	¥152,820
Sa pagitan ng 24 at 29 na buwan	¥203,760
Sa pagitan ng 30 at 35 na buwan	¥254,700
Sa pagitan ng 36 at 41 na buwan	¥305,640
Sa pagitan ng 42 at 47 na buwan	¥356,580
Sa pagitan ng 48 at 53 na buwan	¥407,520
Sa pagitan ng 54 at 59 na buwan	¥458,460
60 buwan o higit pa	¥509,400

[Paano Makakuha ng Bayad]

- (1) Mangyaring magsumite ng Notification of Moving Out ("Tenshutsu Todoke") at Notification of Loss of Eligibility for National Pension sa munisipyo kung saan ka nakatira.
- (2) Pagka-alis ng Japan, punan ang Lump-sum Withdrawal Payment Request Form ng mga kinakailangang impormasyon, habang sinusundan ang mga tala at impormasyon sa form. Ipadala ang nakumpletong form sa pamamagitan ng airmail sa: Japan Pension Service, 3-5-24, Takaido-nishi, Suginami-ku, Tokyo, 168-8505 Japan.

Ang application form ay makukuha sa alinmang tanggapan ng munisipyo (seksyon ng National Pension), alinmang sangay ng Opisina ng JPS, o website ng JPS. (<https://www.nenkin.go.jp/international/index.html>)

[Mahalaga] Mangyaring tandaan na sa oras ng pagtanggap ng lump-sum payment, ang mga panahon ng coverage bago ng iyong aplikasyon ay hindi na maaaring magamit upang makakuha ng benepisyo sa hinaharap. Mangyaring mag-ingat at pag-isipan nang mabuti ang posibilidad na maaari pang makatanggap ng mga benepisyo sa pensyon sa hinaharap bago hilingin ang lump-sum payment.

9. Panlipunang Kasunduang Pansiguridad

Sa ilalim ng bilateral na Mga Kasunduan sa Social Security sa pagitan ng Japan at ng iba pang mga bansa, ang mga manggagawa na ipinadala sa Japan sa loob ng maikling panahon ay maaaring ma-exempt mula sa kinakailangang coverage ng sistemang Hapon, o maaari ring pagsamahin ang mga panahon ng coverage ng pensyon sa dalawang bansa. Mangyaring bisitahin ang aming website para sa karagdagang detalye.

10. Ugnayan para sa inyong Pambansang Pensyon

Kung mayroon kayong anumang katanungan tungkol sa sistema ng Pambansang Pensyon, mangyaring makipag-ugnayan sa opisina ng munisipyo kung saan kayo nakatira o sa pinakamalapit na JPS Office. Maaaring sumangguni sa listahan ng mga JPS Branch Office sa internet. (<https://www.nenkin.go.jp/international/index.html>)

Para sa konsultasyon sa telepono, mangyaring tumawag sa "NENKIN Dial" tulad ng sumusunod. (May libreng pagsasalin para sa ilang wika).

Kapag makikipag-ugnayan sa amin, mangyaring ihanda ang inyong Basic Pension Number na inyo makikita sa inyong Basic Pension Number Notice.

- "NENKIN Dial" para sa domestikong tawag: 0570 - 05 - 1165 (presyo ng lokal na tawag)
- "NENKIN Dial" para sa internasyonal na tawag: +81 - 3 - 6700 - 1165 (presyo ng internasyonal na tawag)